Pangalan: ______________________________ Linggo: __________

Baitang & Pangkat : ______________________ Petsa: __________

**SANAYANG PAPEL # 4__PAKSA: KARANASAN AT IMPLIKASYON NG DIGMAANG PANDAIGDIG SA KASAYSAYAN NG MGA BANSANG ASYANO**

## GABAY

**Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC):** *Natatalakay ang karanasan at implikasyon ng digmaang pandaigdig sa kasaysayan ng mga bansang Asyano.

Pagkatapos sagutan ang sanayang papel na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:
1. Natutukoy ang mga karanasan at implikasyon ng digmaang pandaigdig sa kasaysayan ng mga bansang Asyano;
2. Nasusuri ang karanasan at implikasyon ng digmaang pandaigdig sa kasaysayan ng mga bansang Asyano;at
3. Napahahalagahan ang mga karanasan at implikasyon ng digmaang pandaigdig sa kasaysayan ng mga bansang Asyano.


## ENGGANYO (Panimula)

Ang pagpapakita ng nasyonalismo ng mga pinuno sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya upang matamo ng mga Asyano ang kanilang kalayaan sa kamay ng mga imperyalisyalistang bansa ay nasubok nang maganap ang Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ang pagsisimula ng Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang higit na nagbunsod sa mga Asyano na magkaroon ng mga pagbabago at higit na makipaglaban sa pangunguna ng mga lider Asyano nito na matamo ang minimithing kalayaan para sa mga bansa lalo na si Timog at Kanlurang Asya. Nakasentro man sa Europa ang digmaan, nakaapekto rin ito sa Asya. Tulad na lamang sa India na ang nasyonalismo at pangkalayaang kilusan ay nagkaisa at tumulong sa panig ng mga Allies. Sa pamamagitan ng bansang Iran, ang Russia at Britanya ay nagsagawa ng pag-atake sa Ottoman Empire na kung saan ay nakipag-alyado sa Germany. Ipinalabas ang **Balfour Declaration noong 1917** ng mga Ingles na kung saan nakasaad dito na ang Palestina ay bubuksan sa mga Jew o Israelite upang maging kanilang tahanan (homeland). Pagkatapos ng Unang Digmaang Pandaigdig ay lumakas sa bansang India ang kilusang Nasyonalismo na naging daan upang magkaisa ang pangkat ng Hindu at Muslim. Sa kabilang bansa naman, nagsimula sa Europa ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig noong Setyembre1939. Taong 1942, isang kasunduan ang pinangunahan ng Estados Unidos- ang Tehran Conference na nagsasaad na kapwa lilisanin ng Russia at Britanya ang bansang Iran upang makapagsarili at maging malaya. Sa pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nagiwan ito ng malaking bakas sa kasaysayan ng buong mundo dahil isa sa implikasyon nito ay ang pagkakaroon ng kasarinlan ng mga bansa, maraming tao ang nagsakripisyo ng buhay, maraming gusali ang nawasak, may mga lumago ang ekonomiya ng bansa, pagkakaroon ng slave labor at genocide at may ilang bansa ang umunlad ang teknolohiya.

*Source: Mateo, G. et. al. (2010): Asyano: pag-usbong ng kabihasnan, Quezon City: Vibal Publishing House.*
*Soriano, C. et. al (2017): Kayamanan: kasaysayan ng daigidg, Manila City: Rex Book Store, Inc.*

## TALAB (Pagpapaunlad)


**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Gamit ang ***graphic organizer,*** magbigay ng mga karanasan sa digmaang pandaigdig ng mga bansang Asyano. Isulat ito sa loob ng kahon. Gawin ito sa isang papel.




**Mga Pamprosesong Tanong:**

1. Ano-ano ang mga epekto ng digmaang pandaigdig sa kasaysayan ng mga bansang Asyano?
2. Sa paanong paraan naipakita ng mga Asyano ang damdaming makabansa sa kabila ng mga digmaang pandaigdig?
3. Sa iyong palagay, malaki ba ang naging papel ng nasyonalismo sa panahon ng mga digmaang pandaigdig? Ipaliwanag.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Ibuod Natin!**
**Panuto:** Gamit ang tsart sa ibaba, talakayin ang mga implikasyon ng digmaang pandaigdig sa kasaysayan ng mga bansang Asyano. Gawin ito sa isang papel.



**Mga Pamprosesong Tanong:**
1. Sa paanong paraan nakaapekto ang mga digmaang pandaigdig sa paghubog ng kasaysayan ng mga bansang Asyano?
2. Masasabi bang epekto ng mga digmaan ang nagbunsod sa pag-usbong ng damdaming makabansa sa Asya? Ipaliwanag.

## RUBDOB ( Pakikipagpalihan)

**Gawain sa pagkatuto bilang 3**: **Pag-usapan Natin!**
Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Maaaring humingi ng tulong sa bawat miyembro ng pamilya upang mas higit na maunawaan ang mga katanungan. Isulat ang sagot sa isang papel.
1. Ano-ano ang mga pangyayaring naganap sa Timog at Kanlurang Asya bago at matapos ang Una at Ikalawang Digmaang Pandaigdig?

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

2. Nakaapekto ba ang Una at Ikalawang Digmaan sa mga tao at bansa sa Timog at Kanlurang Asya?

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

3. Para sa iyo, ano ang dapat gawin upang maiwasan ang pagkakaroon ng digmaan? Ipaliwanag.

______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________
______________________________________________________________________________

## IRAL

**Gawain sa Pagkatuto bilang 4**: **SALAIN MO!**
Panuto: Isulat ang letrang **"T"** kung wasto o tama ang pahayag at letrang **"M"** naman kung hindi. Isulat ang sagot sa isang papel.

_____ 1. Sa Kanlurang Asya, nagkaroon ng digmaan sa pagitan ng Triple Entente sa pangunguna ng Russia, France at Great Britain at ang Central Powers sa pangunguna ng Imperyong Ottoman.

_____ 2. Ang nasyonalismo ay isang kamalayan ng pagiging kabilang sa isang nasyon na may iisang lahi, kasaysayan, kultura, wika, at pagpapahalaga.

_______3. Ang *Mandate System* ay isang sistema na ipinatupad ng Central Powers.

______ 4. Hindi nakaapekto ang mga pandaigdigang digmaan sa kasaysayan ng mga bansang Asyano.

_______ 5. Ang Unang Digmaang Pandaigdig ay nagsilbing inspirasyon upang lalong sumidhi ang pagnanais na makalaya ng mga bansa sa Timog Asya.

**Gawain sa Pagkatuto bilang 5: Pagninilay**
**Panuto**: Sumulat ng isang sanaysay tungkol sa kahalagahan ng mga karanasan at implikasyon ng digmaang pandaigdig sa mga bansang Asyano sa kasalukuyan. Isulat ito sa isang papel.

**Rubriks sa Pagmamarka ng isang Sanaysay**

| Pamantayan | Natatangi (4) | Mahusay (3) | Medyo Mahusay (2) | Hindi Mahusay (1) |
|---|---|---|---|---|
| Organisasyon- Lohikal ang pagkakaugnay ng mga ideya | | | | |
| Nilalaman- May pagkakaunawa sa paksa | | | | |
| Presentasyon- Wasto, malinaw at makatwiran ang mga salita na ginamit upang mailahad ng may kawastuan ang mga ideya | | | | |
| Pagkamalikhain –paggamit ng wastong salita at bantas sa pagbuo ng mga ideya | | | | |
| KABUUAN | | | | |

*References:*
- *Mateo, G. et.al.(2010): Asyano: Pag-usbong ng Kabihasanan, Quezon City: Vibal Publishing House*
- *Soriano, C. et.al (2017): Kayaamanan: Kasaysayan ng Daigdig, manila City: Rex Book Store , Inc.*

**TEACHER'S FEEDBACK**

______________________________________________

**SELF-MONITORING**

Pangalan: ______________________________ Linggo: ______________

Baitang & Pangkat: ________________________ Asignatura: ___________

| **Para sa Mag-aaral (*Tapusin ang mga pangungusap.)*** | |
|---|---|
| Nahirapan akong unawain at gawin / sagutan ang bahaging… | |
| Nadaliaan akong unawain at gawin / sgutan ang bahaging … | |
| Kailangan ko pa ng tulong upang lalong maunawaan ang …. | |

| **Para sa magulanG (*Lagyan ng tsek ang inyoong sagot.)*** | | | |
|---|---|---|---|
| Nagawa ng aking anak ang mga pagsasanay … | | Ang aking anak ay … | |
| | nang siya lamang mag-isa, walang tumulong | | Nasagutan ang lahat ng mga pagsasanay |
| | na may kaunting tulong sa pagsasabot mula sa iba | | Nasagutan ang ibang pagsasanay at ang iba ay hindi |
| | na marming hinininging tulong sa pagsasagot mula sa iba | | hindi nasagutan ang lahat ng pagsasanay dahil masyadong mahirap |